DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
008731
By: BOBOY Date: 7/31/2024

CLMD-DA01-2024-54

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION IV-A CALABARZON

**Hulyo 29, 2024**

Alinsunod sa DepEd Order (DO) blg. 8, s. 2013,
ang patalastas na ito ay inilabas hindi para mag-endorso ayon sa DO blg. 28, s. 2002,
kundi upang magpabatid ng impormasyon sa mga kawani ng Kagawaran gayundin
sa kinauukulang publiko.
(bisitahin depedcalabarzon.ph)

# PAGDIRIWANG NG PAGBUBUKAS NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024

Ipinababatid ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A, sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto, na ang Pagbubukas ng Buwan ng Wikang Pambansa sa ika-2 ng Agosto, 2024, sa ganap na 9:30 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali ay ipagdiriwang sa **El Cielito Hotel, Lungsod ng Sta. Rosa.**

Ang iba pang mga probisyon sa nakaraang Memorandum ay nananatiling may bisa.

Lakip ng anunsyong ito ang Memorandum ng nasabing gawain.

Kung may katanungan at paglilinaw, makipag-ugnayan sa tanggapan ng CLMD sa telepono blg. (02) 8681-7249 local 421.

*CC:02/ROC2*

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
05959
Date: 7/23/2024

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON IV-A CALABARZON

CLMD-RM-2024-505

19 Hulyo 2024

**Panrehiyunal na Memorandum**
*No.505 s.2024*

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024

Sa **Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay**

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A, sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto, ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2024** na may temang **"FILIPINO: WIKANG MAPAGLAYA"**, alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang. 1041 s. 1997, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisá sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

3. Hinihikayat na ang lahat ng Tanggapan at Paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon CALABARAZON na makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa darating na Agosto 2024 sa pamamgitan ng sumusunod:
   a. pagsusuot ng barong, filipiniana o mga katutubong kasuotan tuwing araw ng Lunes, sa pagtataas ng watawat;
   b. mungkahing paggamit ng wikang Filipino sa mga ugnayang pulong, programa o gawain;
   c. pagpapakinig ng awiting makabayan tuwing 12:00 ng tanghali; at
   d. pagpapalabas o pagpapanood ng mga dokumentaryo gamit ang ***DepEd 4A FB Page*** hinggil sa sumusunod na lingguhang tema sa buwan ng Agosto:
      - **FSL tungo sa Inklusibong Pambansang Kaunlaran:** Pagpapakita ng kahalagahan ng Filipino Sign Language sa pagpapaunlad ng isang inklusibong lipunan.

- **Sistematikong at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran:** Nagtatampok sa kahalagahan ng siyentipikong pananaliksik sa pambansang kaunlaran.
- **Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research:** Pagpapakita ng paggamit ng tradisyonal na kaalaman at kasanayan sa agham.
- **Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa:** Pagpapakita ng kahalagahan ng mga katutubong wika sa edukasyon.
- **Paglaban sa Misinformation (fact checking):** Naglalayong labanan ang maling impormasyon at pagsusulong ng tama at wastong datos.

4. Sa hangaring makiisa sa nasabing pagdiriwang, inaanyayahang dumalo ang mga Kawani ng Tanggapan ng Rehiyon CALABARAZON, mga Tagapamanihalang Pansangay, mga Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay, mga Hepe ng CID at, mga Tagamasid Pansangay sa Filipino na dumalo sa pagbubukas ng Buwan ng Wikang Pambansa sa **ika-2 ng Agosto, 2024, sa ganap na 9:00 ng umaga,** sa lugar na iaanunsiyo sa isang hiwalay na pabatid. Lakip ng memorandum na ito ang nakatalagang bilang ng mga kawaning dadalo sa nasabing pagdiriwang.

5. Samantala ang mga punong-guro, ulong-guro, dalubguro at guro, ay makiki bahagi sa birtuwal na palatuntunan na mapapanood sa *Facebook live.*

6. Inaasahan din na ang bawat sangay ay magkakaroon ng isang buwang gawain na naaayon sa preperensya ng nasasakupan. Isusumite ang isang naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang sa ika-6 ng Setyembre, 2024

7. Pára sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto sa telepono blg. (02) 8681-7249 lokal 420.

8. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO II**
Panrehiyong Direktor

*02/ROC2*

Lakip Blg. 1

**Bilang ng mga Kawaning dadalo sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa**

Agost 2, 2024 | 9:00 n.u. – 12:00 n.t
Lugar ng Pagdarausan (TBA)

| Pangalan | Posisyon |
|---|---|
| 1. Atty. Alberto T. Escobarte | Panrehiyong Direktor |
| 2. Loida N. Nidea | Kawaksing Panrehiyong Direktor |
| 3. Viernalyn M. Nama | Hepe, Sangay ng Pamamahala sa Kurikulum at Pagkatuto |
| 4. Dianne Catherine T. Antonio | Panrehiyong Tagamasid – Filipino, LR |
| 5. Elaine T. Balaogan | Panrehiyong Tagamasid – ALS at ADM |
| 6. Eugene Ray F. Santos | Panrehiyong Tagamasid - English |
| 7. Paul Gence Ocampo | Panrehiyong Tagamasid – Science, Mathematics |
| 8. Emelia P. Crescini | Panrehiyong Tagamasid – Araling Panlipunan |
| 9. Virgilio T. Guevarra, Jr. | Panrehiyong Tagamasid – EPP, TLE |
| 10. Margaret P. Musa | Panrehiyong Tagamasid – GMRC/ Values Education |
| 11. Lowiesito O. Erni | Panrehiyong Tagamasid - MAPEH |
| 12. Hazel Angeline S. Tesoro | Panrehiyong Tagamasid – ELLN at Kindergarten |
| 13. Nenette Arcelle Joy P. Larinay | Librarian |
| 14. Lhovie C. Damian | Teaching Aids Specialist |
| 15. Redgynn A. Bernales | Administrative Assistant II |

| Tanggapan | Bilang | Tanggapan | Bilang |
|---|---|---|---|
| Antipolo City | 3 | Laguna | 3 |
| Bacoor City | 3 | Lipa City | 3 |
| Batangas City | 3 | Lucena City | 3 |
| Batangas Province | 3 | Quezon Province | 3 |
| Biñan City | 3 | Rizal Province | 3 |
| Cabuyao City | 3 | San Pablo City | 3 |
| Calamba City | 3 | Santa Rosa City | 3 |
| Cavite City | 3 | Sto. Tomas City | 3 |
| Cavite Province | 3 | San Pedro City | 3 |
| Dasmariñas City | 3 | Tanauan City | 3 |
| General Trias City | 3 | Tayabas City | 3 |
| Imus City | 3 | **Kabuuan** | 69 pax |